Mga Paunang Kabayaran

Ano ang Paunang Kabayaran?

Kung ikaw ay tumatanggap ng kabayarang social security o Family Tax Benefit Part A, maaaring ikaw ay maging karapat-dapat tumanggap ng bahagi ng iyong kabayaran tuwing dalawang linggo bilang paunang kabayarang lump sum. **Hindi mo kailangang sabihin sa Centrelink kung bakit mo kailangan ang Paunang Kabayaran**. Ang mga Paunang Kabayaran ay dapat bayaran at ang mga patakaran tungkol sa pagtanggap ng Paunang Kabayaran ay batay sa uri at halaga ng kabayarang tinatanggap mo.

May maraming uri ng mga Paunang Kabayaran, ang dalawang pinakakaraniwan na bilang pauna ng iyong:

- kabayaran mula sa social security, **at**
- Family Tax Benefit Part A.

Ang iba pang mga uri ng Paunang Kabayaran

- Paunang Special Employment—tumutulong sa iyo na mabayaran ang mga bagay na kailangan mo kapag nagsisimula ng trabaho o kung kasisimula mo pa lamang sa trabaho at hindi ka pa nababayaran
- Paunang Mobility Allowance, **at**
- Paunang Pharmaceutical Allowance.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kabayarang ito, mangyari lamang na kumontak sa Centrelink.

Upang tumanggap ng Paunang Kabayaran mula sa iyong kabarayan mula sa social security kailangan ay tumatanggap ka ng isa sa mga sumusunod na mga kabayaran:

- ABSTUDY
- Parenting Payment (May kapartner)
- Age Pension
- Parenting Payment (Nagsosolo)
- Austudy Payment
- Widow Allowance
- Carer Payment
- Widow B Pension
- Disability Support Pension
- Wife Pension
- Newstart Allowance
- Youth Allowance.

Upang maging kwalipikado para sa Paunang Kabayaran ng iyong pensiyon o benepisyo mula sa social security ikaw ay kailangang:

- tumatanggap na ng pensiyon o benepisyo sa loob ng hindi bababa sa 3 buwan
- walang utang sa Komonwelt (hindi kabilang dito ang Paunang Kabayaran ng Family Tax Benefit)
- makakayang bayaran ang Paunang Kabayaran at may matitira pang sapat na pera para sa iyong regular na dalawang lingguhan mga gastusin.

Kapag kinukuwenta ang iyong mga regular na gastusin isaalang-alang ang mga sumusunod:

- mga bayad sa upa o mortgage
- mga groseriya
- mga kabayaran sa utang
- mga premyum ng insyurans sa bahay/kagamitan/kotse
- kuryente/gas
- telepono
- mga pamasahe
- petrolyo
- mga gamot
- pangangalaga sa bata
- mga bayarin sa iskuwela
- mga credit card
- rates (lupa, tubig at sewerage)
- damit, **at**
- libangan.

Upang maging kwalipikado para sa Paunang Kabayaran ng iyong Family Tax Benefit ikaw ay kailangang:

- maging karapat-dapat sa Family Tax Benefit Part A tuwing dalawang linggo, sa halagang katumbas o mahigit sa dalawang beses ng halaga ng Paunang Kabayaran ng Family Tax Benefit
- walang utang sa Komonwelt (hindi kabilang dito ang Paunang Kabayaran mula sa social security).

Australian Government
Centrelink
giving you options
www.centrelink.gov.au

Magkano at gaano kadalas ka maaaring tumanggap ng Paunang Kabayaran?

Ang halaga ng Paunang Kabayaran ay limitado sa pamamagitan ng pinakamataas at pinakamababang mga halaga na itinatakda sa pamamagitan ng uri at halaga ng kabayarang tinatanggap mo mula sa Centrelink. Kontakin ang Centrelink upang alamin kung magkano ang maaari mong tanggapin.

Ang Paunang Kabayaran ay isang buong halagang ibinabayad mula sa iyong kabayaran sa hinaharap at binabayaran mula sa iyong dalawang lingguhang mga kabayaran.

Ang bilang ng Paunang mga Kabayarang maaari mong tanggapin sa loob ng 12 buwan ay ibabatay sa uri ng kabayarang tinatanggap mo at kung ikaw ay dati nang tumanggap ng paunang mga kabayaran.

Uri ng Kabayaran	Gaano ka kadalas maaaring bayaran ng Paunang Kabayaran?	Ano ang mga hangganan kung magkano ang maaari mong tanggapin?
Family Tax Benefit Part A	Maaari ka lamang tumanggap ng isang Paunang Kabayaran sa Pamantayang Panahon para sa Paunang Kabayaran. May dalawang panahon para sa paunang kabayaran; 1 Enero hanggang 30 Hunyo at 1 Hulyo hanggang 31 Disyembre.	Ang halaga ng Paunang Kabayaran ay batay sa kalahati ng batayang Family Tax Benefit child rate para sa batang mababa sa 18 taong gulang. Ang halagang tatanggapin mo ay ibabatay sa bilang ng natitirang araw sa panahon ng Paunang Kabayaran.
Age Pension Disability Support Pension Carer Payment Widow B Pension Wife Pension	Ang mga halaga ay maaaring kunin bilang isang pauna, o kunin sa pamamagitan ng dalawa o tatlong mga pauna sa loob ng 13 fortnight (anim na buwan)	Ang pinakamataas na halaga ay itinakda sa tatlong linggong halaga ng pinakamataas na batayang pensiyon at dagdag pa ang bahagi ng halaga ng Suplemento ng Pensiyon. Ang pinakamababang halaga ay itinakda sa isang linggong halaga ng pinakamataas na batayang pensiyon at dagdag pa ang bahagi ng halaga ng Suplemento ng Pensiyon. Ang mga halagang ito ay iuugnay sa mga pagtaas ng mga kabayarang pensiyon para sa matanda, upang ang pinakamababa at pinakamataas na mga halaga ng paunang kabayaran ay makasabay sa mga pagtaas ng mga kabayarang pensiyon tuwing Marso at Setyembre.
ABSTUDY Austudy Payment Newstart Allowance Parenting Payment (May kapartner) Parenting Payment (Nagsosolo) Widow Allowance Youth Allowance	Isa sa loob ng 12 buwan.	Ang pinakamataas na halaga ay $500. Ang pinakamababang halaga ay $250.

Paano ibinabayad ang Paunang Kabayaran?

Ang Paunang Kabayaran ay direktang ibinabayad sa parehong account kung saan pumapasok ang iyong regular na kabayaran mula sa Centrelink.

Maaari mong hilingin na hatiin ang Paunang Kabayaran ng social security at mabayaran ito nang 2 hulugan.

Maaari kang humiling para sa Paunang mga Kabayaran ng Family Tax Benefit bilang isang minsanang kabayaran o maaari mo ring hilingin na automatikong ibayad ito sa simula ng bawat panahon ng Paunang Kabayaran ng Family Tax Benefit; tuwing Enero at Hulyo hanggang ikaw ay nananatiling karapat-dapat para sa kabayaran.

Paano binabayaran ang Paunang Kabayaran

Ang halagang ibinayad sa iyo bilang Paunang Kabayaran ay kailangang bayaran. Ang isang halaga ay ibabawas mula sa iyong mga kabayaran tuwing dalawang linggo hanggang mabawi ang halaga.

Ang Paunang mga Kabayaran ng Social security ay binabayaran sa loob ng 13 fortnight at ang Paunang mga Kabayaran ng Family Tax Benefit ay binabayaran sa loob ng panahon ng Paunang Kabayaran ng Family Tax Benefit na tinanggap mo ang paunang kabayaran. Kung ang iyong pagbabayad ay tumigil ang natitirang balanse ay sisingilin mula sa iyo bilang isang utang.

Pag-aaplay para sa Paunang Kabayaran

Maaari kang mag-aplay online sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Centrelink na **www.centrelink.gov.au** o pagtawag sa self service phone line ng Centrelink sa **13 6240**. Maaari mo ring tawagan ang Centrelink sa isa sa mga numero ng teleponong nakalista sa ibaba o bisitahin ang isang Sentro ng Serbisyong Pangkostumer ng Centrelink.

Ibang tulong kung ikaw ay may problemang pampinansya o nasa isang krisis na kalagayan

Kapag dumating ang hindi inaasahang mga gastusin o naganap ang isang krisis, ang Centrelink ay maaaring makatulong sa iyo na makahanap ng tulong sa loob ng komunidad para sa pangkagipitang ginhawa, payo sa pagbabadyet o makapagbigay ng Urgent Payment o Crisis Payment. Kausapin ang Centrelink tungkol sa iyong kalagayan upang malaman kung anong tulong ang maaaring makuha.

Para sa karagdagang impormasyon

Mga Serbisyong Pantrabaho	**13 2850**
Mga Serbisyong Pangkabataan at Pang-estudyante	**13 2490**
ABSTUDY	**13 2317**
Magulang o Tagapag-alaga	**13 6150**
Mga Kapansanan, Sakit at mga Tagapag-alaga	**13 2717**
Mga Nakatatanda	**13 2300**
Call Centre na Pangkatutubo (matatawagan lamang sa NT, Hilagang QLD at WA)	**13 6380**
Mga Ugnayang Pangkostumer	**Freecall™ 1800 050 004**
Para sa impormasyon sa mga wikang maliban sa Ingles	**13 1202**
Serbisyo ng Pamahalaang Australia ukol sa Fraud Tip-off	**13 1524**
Mga pagtatanong ukol sa mga kabayaran gamit ang TTY*	**Freecall™ 1800 810 586**

*Ang TTY ay para lamang sa mga taong bingi o may kapansanan sa pandinig o pagsasalita. Ang teleponong TTY ay kailangan para magamit ang serbisyong ito.

Upang makagawa ng appointment	**13 1021**

Mahalaga: ang mga tawag sa mga numerong '13' ay maaaring gawin mula sa istandard na serbisyo ng telepono sa loob ng Australia nang hindi hihigit sa halaga ng lokal na tawag (maaaring magkaiba ang singil sa mga tawag depende sa tapagabigay-serbisyo ng telepono). Ang mga tawag sa mga numerong '1800' ay walang bayad. Ang mga tawag mula sa mga teleponong pampubliko at mobile ay maaaring singilin sa mas mataas na halaga.

Pagkakaila

Ang impormasyong nasa brosyur na ito ay wasto sa petsang Hulyo 2010, ngunit siempre ay maaaring magbago. Kung gagamitin mo ang publikasyong ito matapos ang nasabing petsa, mangyari lamang na makipag-alam sa Centrelink kung ang mga detalye ay wasto sa petsa.